Records file
3-10-01

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000

Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Pebrero 7, 2001

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 62, s. 2001

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA "E-NOBASYON.FIL: PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG WIKA"

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Guro ng mga Pribadong Paaralan
Chairman, CHED

1. Ang Departamento ng mga Wika ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Malayang Sining ng Pamantasang De La Salle-Maynila, sa taguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino, ay magdaraos ng isang Pambansang Seminar-Worksyap sa "E-Nobasyon.Fil: Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika" na gaganapin sa Tanghalang William Shaw, DLSU, Taft Avenue, Maynila, sa Abril 18-20, 2001 at sa Cebu Midtown Hotel, Fuente Osmeña, Cebu City sa Abril 25-27, 2001.

2. Pangkalahatang paksa ng pambansang seminar-worksyap ang "Iba't Ibang Estilo ng Pagkatuto at Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika Tungo sa Pagpapataas ng Kakayahang Matuto".

3. Pagkatapos ng tatlong araw na seminar-worksyap, inaasahang ang bawat partisipant ay:

a) higit na napataas ang antas ng kakayahan sa pagtuturo ng wika;
b) higit na napaunlad ang kaalaman sa aplikasyon ng iba't ibang istratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng wika sa antas elementarya, sekundarya, at tersyarya;
k) higit na napalakas ang pagtuturo ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at kasanayang teknolohikal;
c) lalong napahusay ang mga instruksyonal teknik at istratehiya; at
d) naabot ang pinakamahusay na antas ng pagkatuto at pagtuturo na kapwa nakapagbigay – unawa at kasiyahan.

4. Inaanyayahang dumalo sa seminar-worksyap na ito ang lahat ng kinatawan ng mga tanggapang sentral ng DECS, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, panrehiyon at pansangay na tagamasid/tagapag-ugnay/tagapangulo ng departamento sa Filipino ng lahat ng antas ng edukasyon sa mga institusyong publiko at pribado.

5. Ang magsisidalo na mula sa pampublikong paaralan at institusyon ay pinapayagang dumalo sa opisyal na oras lamang. Ang bayad sa seminar-worksyap ay Dalawang Libo Walong Daang Piso (P2,800.00) na ilalaan sa gugulin para sa seminar kit, hand-awts, sertipiko ng pakikilahok at pagdalo, tatlong tanghalian at anim na miryenda (umaga at hapon), awditoryum at iba pang gastusin sa pagpapatakbo ng seminar-worksyap na ito. Hindi kasama dito ang bayad sa tirahan ng mga partisipant.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

(Sgd.) RAMON C. BACANI
Undersecretary
Officer-in-Charge

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Talatuntunan:
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

LANGUAGE
OFFICIALS
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS